

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 8

(Ang mga Kabiguan ng Beth-semes ay ang mga Aral para sa Simbahan ng Dios Ngayon)

“1 At ang kaban ng PANGINOON ay napasa lupain ng mga Filisteo na pitong buwan. 2 At tinawag ng mga Filisteo ang mga saserdote at ang mga manghuhula, na sinasabi, Anong aming gagawin sa kaban ng PANGINOON? Ipatalastas ninyo sa amin kung aming ipadadala sa kaniyang dako. 3 At kanilang sinabi, Kung inyong ipadadala ang kaban ng Dios ng Israel, ay huwag ninyong ipadalang walang laman; kundi sa ano pa man ay inyong ibalik siya na may handog ng dahil sa pagkakasala: kung magkagayo'y gagaling kayo, at malalaman ninyo kung bakit ang kaniyang kamay ay hindi humiwalay sa inyo. 4 Nang magkagayo'y kanilang sinabi, Ano ang handog dahil sa pagkakasala na aming igaganti sa kaniya? At kanilang sinabi, Limang gintong bukol, at limang gintong daga ayon sa bilang ng mga pangulo ng mga Filisteo; sapagka't iisang salot ang napasa inyong lahat, at napasa inyong mga pangulo. 5 Kaya't kayo'y gagawa ng mga larawan ng inyong mga bukol, at mga larawan ng inyong mga daga na sumira ng lupain, at inyong bibigyan ng kaluwalhatian ang Dios ng Israel: baka sakaling kaniyang gaanang ang kaniyang kamay sa inyo, at sa inyong mga dios, at sa inyong lupain. 6 Bakit nga ninyo pinapagmamatigas ang inyong puso, na gaya ng mga taga Egipto at ni Faraon na pinapagmamatigas ang kanilang puso? Nang siya'y makagawa ng kahanghanga sa kanila, di ba nila pinayaon ang bayan, at sila'y yumaon? 7 Ngayon nga'y kumuha kayo at maghanda kayo ng isang bagong karo, at dalawang bagong bakang gatasan, na hindi napatungan ng pamatok; at ikabit ninyo ang mga baka sa karo, at iuwi ninyo ang kanilang mga guya. 8 At kunin ninyo ang kaban ng PANGINOON, at isilid ninyo sa karo; at isilid ninyo sa isang kahang nasa tabi niyaon ang mga hiyas na ginto na inyong ibabalik sa kaniya na pinakahandog dahil sa pagkakasala; at inyong ipadala upang yumaon. 9 At tingnan ninyo; kung umahon sa daan ng kaniyang sariling hangganan sa Beth-semes, ginawa nga niya sa atin ang malaking kasamaang ito: nguni't kung hindi, malalaman nga natin na hindi kaniyang kamay ang nanakit sa atin; isang pagkakataong nangyari sa atin. 10 At ginawang gayon ng mga lalake, at kumuha ng dalawang bagong bakang gatasan, at mga ikinabit sa karo, at kinulong ang kanilang mga guya sa bahay: 11 At kanilang inilagay ang kaban ng PANGINOON sa karo, at ang kaha na may mga dagang ginto at mga larawan ng kanilang mga bukol. 12 At tinuwid ng mga baka ang daan sa Beth-semes; sila'y nagpatuloy sa lansangan, na umuungal habang yumayaon, at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa; at ang mga pangulo ng mga Filisteo ay sumunod sa kanila hanggang sa hangganan ng Beth-semes. 13 At silang mga Beth-semita ay umaani ng kanilang trigo sa libis: at kanilang itiningin ang kanilang mga mata, at nakita ang kaban, at nangagalak sa pagkakita niyaon. 14 At ang karo ay pumasok sa bukid ni Josue na Beth-semita, at tumayo roon, sa kinaroroonan ng isang malaking bato: at kanilang biniyak ang kahoy ng karo, at inihandog sa ; at ang buong sangbahayan ng Israel ay tumaghoy sa PANGINOON.” ang mga baka na pinakahandog na susunugin. 15 At ibinaba ng mga Levita ang kaban ng PANGINOON, at ang kaha na kasama niyaon, na may silid na mga hiyas na ginto, at mga ipinatong sa malaking bato at ang mga lalake sa Beth-semes ay naghandog ng mga handog na susunugin at naghain ng mga hain ng araw ding yaon sa PANGINOON. 16 At nang makita ng limang pangulo ng mga Filisteo, ay bumalik sa Ecron nang araw ding yaon. 17 At ito ang mga bukol na ginto na ibinalik ng mga Filisteo sa PANGINOON na pinakahandog dahil sa pagkakasala: sa Asdod ay isa, sa Gaza ay isa, sa Ascalon ay isa, sa Gath ay isa, sa Ecron ay isa; 18 At ang mga dagang ginto, ayon sa bilang ng lahat ng mga bayan ng mga Filisteo na nauukol sa limang pangulo, ng mga bayan na nakukutaan at gayon din ng mga nayon sa parang; sa makatuwid baga'y hanggang sa malaking bato na kanilang pinagbabaan ng kaban ng PANGINOON, na ang batong yaon ay namamalagi hanggang sa araw na ito sa bukid ni Josue na Beth-semita. 19 At sumakit ang Dios sa mga tao sa Beth-semes, sapagka't kanilang tiningnan ang loob ng kaban ng PANGINOON, sa makatuwid baga'y pumatay siya sa bayan ng pitong pung lalake at limang pung libong tao. At ang bayan ay nanaghoy, sapagka't sinaktan ng PANGINOON ang bayan ng di kawasang pagpatay. 20 At ang mga lalake sa Beth-semes ay nagsabi, Sino ang makatatayo sa harap ng PANGINOON, dito sa banal na Dios? at sino ang kaniyang sasampahin mula sa atin? 21 At sila'y nagsugo ng mga sugo sa mga tumatahan sa Chiriath-jearim, na nagsasabi, Ibalik ng mga Filisteo ang kaban ng PANGINOON; kayo'y magsilusong at iahon ninyo sa inyo.” (1 Samuel 6:1-21 KJV)

Alam natin na pinahintulot ng Dios na matalo ang mga Israelita at makuha ng mga Filisteo ang Kanya na kaban dahil sa mga kasalanang nagawa sa Shilo ng pamilya ni Eli ang pari at ayon sa mga sumusunod:

1. Sa paghamak sa mga handog ng Panginoon: “12 Ngayong ang mga anak ni Eli ay mga hamak na lalake; hindi nila nakikilala ang PANGINOON. 13 At ang kaugalian ng mga saserdote sa bayan, ay, na pagka ang sinoma'y naghahandog ng hain, lumalapit ang bataang saserdote, samantalang ang laman ay niluluto, na may hawak sa kamay na pang-ipit na may tatlong ngipin; 14 At kaniyang dinuduro sa kawali, o sa kaldero, o sa kaldero, o sa palyok; at lahat ng nadadala ng pang-ipit ay kinukuha ng saserdote para sa kaniya. Gayon ang ginagawa nila sa Silo sa lahat ng mga Israelita na naparoroon. 15 Oo, bago nila sunugin ang taba, ay lumalapit ang bataang saserdote, at sinasabi sa lalake na naghahain, Magbigay ka ng lamang maiihaw para sa saserdote, sapagka't hindi siya tatanggap sa iyo ng lamang luto, kundi hilaw. 16 At kung sabihin ng

lalake sa kaniya, Walang pagsalang kanila munang susunugin ang taba, at saka mo kunin kung gaano ang nasain ng iyong kaluluwa; kaniya ngang sinasabi, Hindi, kundi ibibigay mo sa akin ngayon: at kung hindi ay aking kukuning sapilitan. 17 At ang kasalanan ng mga binatang yaon ay totoong malaki sa harap ng PANGINOON; sapagka't niwawalan ng kabuluhan ng mga tao ang handog sa PANGINOON.” (1 Samuel 2: 12-17 KJV)

2. Sa paggawa ng pangangalunya sa mga babaeng naglilingkod sa Panginoon sa pintuan ng tolda ng pagpupulong: “22 Si Eli nga ay totoong matanda na; at kaniyang nababalitaan ang lahat ng ginagawa ng kaniyang mga anak sa buong Israel, at kung paanong sila'y sumisiping sa mga babae na naglilingkod sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan.” (1 Samuel 2:22 KJV)

3. Pinayagan at tinakpan ng kanilang ama, si Eli ang saserdote, ang kanilang mga kasalanan: “27 At naparoon ang isang lalake ng Dios kay Eli, at sinabi sa kaniya, Ganito ang sabi ng PANGINOON, Napakita ba ako ng hayag sa sangbahayan ng iyong ama, nang sila'y nasa Egipto sa pagkaalipin sa sangbahayan ni Faraon? 28 At pinili ko ba siya sa lahat ng mga lipi ng Israel upang maging saserdote ko, upang maghandog sa aking dambana, upang magsunog ng kamangyan, at upang magsuot ng epod sa harap ko? at ibinigay ko ba sa sangbahayan ng iyong ama ang lahat ng mga handog ng mga anak ni Israel na pinaraan sa apo? 29 Bakit nga kayo'y tumututol sa aking hain at sa aking handog, na aking iniutos sa aking tahanan, at iyong pinarangalan ang iyong mga anak ng higit kaysa akin, upang kayo'y magpakataba sa mga pinakamainam sa lahat ng mga handog ng Israel na aking bayan? 30 Kaya't sinasabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, Aking sinabi nga na ang iyong sangbahayan, at ang sangbahayan ng iyong ama, ay lalakad sa harap ko magpakailan man: nguni't sinasabi ngayon ng PANGINOON, Malayo sa akin; sapagka't yaong mga nagpaparangal sa akin ay aking pararangalin, at yaong mga humahamak sa akin ay mawawalan ng kabuluhan. 31 Narito, ang mga araw ay dumarating, na aking ihihiwalay ang iyong bisig, at ang bisig ng sangbahayan ng iyong ama, upang huwag magkaroon ng matanda sa iyong sangbahayan. 32 At iyong mamasdan ang kadalamhatian sa aking tahanan, sa buong kayamanan na ibibigay ng Dios sa Israel; at mawawalan ng matanda sa iyong sangbahayan magpakailan man. 33 At ang lalaking iyo, na hindi ko ihihiwalay sa aking dambana, ay magiging upang lunusin ang iyong mga mata at papanglawin ang iyong puso; at ang madlang mararagdag sa iyong sangbahayan ay mamamatay sa kanilang kabataan. 34 At ito ang magiging tanda sa iyo, na darating sa iyong dalawang anak, kay Ophni at kay Phinees: sa isang araw, sila'y kapuwa mamamatay. 35 At ako'y magbabangon para sa akin ng isang tapat na saserdote, na gagawa ng ayon sa nasa aking puso at nasa aking pagiisip: at ipagtatayo ko siya ng panatag na sangbahayan; at siya'y lalakad sa harap ng aking pinahiran ng langis, magpakailan man. 36 At mangyayari, na bawa't isa na naiwan sa iyong sangbahayan, ay paroroon at yuyukod sa kaniya dahil sa isang putol na pilak at sa isang putol na tinapay, at magsasabi, Isinasamo ko sa iyong ilagay mo ako sa isa sa mga katungkulan pagkasaserdote, upang makakain ako ng isang subong tinapay.” (1 Samuel 2:27-36 KJV)

Dahil sa lahat ng nabanggit na dahilan, pinahintulot ng Dios na matalo ang mga Israelita at masakop ng mga Filisteo ang Kaban ng Tipan.

Habang nasa lupain ng mga Filisteo ang kaban, nagdulot ng kaguluhan ang Dios sa kanila, tinatalo ang kanilang mga dios, at nagdudulot ng sakit sa kanilang mga katawan at kawalan sa kanilang mga bukirin, “1 Kinuha nga ng mga Filisteo ang kaban ng Dios, at kanilang dinala sa Asdod mula sa Eben-ezer. 2 At kinuha ng mga Filisteo ang kaban ng Dios at ipinasok sa bahay ni Dagon, at inilagay sa tabi ni Dagon. 3 At nang bumangong maaga ang mga taga Asdod ng kinaumagahan, narito, si Dagon ay buwal na nakasubasob sa lupa sa harap ng kaban ng PANGINOON. At kanilang kinuha si Dagon, at inilagay siya uli sa dako niyang kinaroroonan. 4 At nang sila'y bumangong maaga ng kinaumagahan, narito, si Dagon ay buwal na nakasubasob sa lupa sa harap ng kaban ng PANGINOON; at ang ulo ni Dagon at gayon din ang mga palad ng kaniyang mga kamay ay putol na nasa tayuan ng pintuan; ang katawan lamang ang naiwan sa kaniya. 5 Kaya't ang mga saserdote man ni Dagon, o ang sinomang nanasok sa bahay ni Dagon, ay hindi itinutungtong ang paa sa tayuan ng pintuan ni Dagon sa Asdod, hanggang sa araw na ito. 6 Nguni't ang kamay ng PANGINOON ay bumigat sa mga taga Asdod, at mga ipinahamak niya, at mga sinaktan ng mga bukol, sa makatuwid baga'y ang Asdod at ang mga hangganan niyaon. 7 At nang makita ng mga lalake sa Asdod na gayon, ay kanilang sinabi, Ang kaban ng Dios ng Israel ay huwag matirang kasama natin; sapagka't ang kaniyang kamay ay mabigat sa atin, at kay Dagon ating dios. 8 Sila'y nagsugo nga at nagpipisan ang lahat ng mga pangulo ng mga Filisteo sa kanila at sinabi, Ano ang ating gagawin sa kaban ng Dios ng Israel? At sila'y sumagot, Dalhin sa Gath ang kaban ng Dios ng Israel. At kanilang dinala roon ang kaban ng Dios ng Israel. 9 At nangyari, na pagkatapos na kanilang madala, ang kamay ng PANGINOON ay naging laban sa bayan, na nagkaroon ng malaking pagkalito: at sinaktan niya ang mga tao sa bayan, ang maliit at gayon din ang malaki; at mga bukol ay sumibol sa kanila. 10 Sa gayo'y kanilang ipinadala ang kaban ng Dios sa Ecron. At nangyari, pagdating ng kaban ng Dios sa Ecron, na ang mga Ecronita ay sumigaw, na nagsasabi, Kanilang dinala sa atin ang kaban ng Dios ng Israel, upang patayin tayo at ang ating bayan. 11 Pinasuguan nga nilang magpipisan ang lahat ng pangulo ng mga Filisteo, at

kanilang sinabi, Ipadala ninyo ang kaban ng Dios ng Israel, at ipabalik ninyo sa kaniyang sariling dako, upang huwag kaming patayin at ang aming bayan. Sapagka't nagkaroon ng panglitong ikamamatay sa buong bayan: ang kamay ng Dios ay totoong bumigat doon. 12 At ang mga lalaking hindi namatay ay nasaktan ng mga bukol; at ang daing ng bayan ay umabot sa langit.” (1 Samuel 5:1-12 KJV) Kaya para sa lahat ng mga dahilan na ito, nagpasya ang mga Filisteo na isauli ang kaban ng Dios sa mga Israelita upang mapawi ang mabigat na galit ng Dios na matindi nilang nararanasan. Kaya nagpasya silang isauli ito na may handog na katuwiran upang parangalan ang Dios ng Israel: Ayon sa kanilang mungkahi, **“4 Nang magkagayo'y kanilang sinabi, Ano ang handog dahil sa pagkakasala na aming igaganti sa kaniya? At kanilang sinabi, Limang gintong bukol, at limang gintong daga ayon sa bilang ng mga pangulo ng mga Filisteo; sapagka't iisang salot ang napasa inyong lahat, at napasa inyong mga pangulo.”** (1 Samuel 6:4 KJV) **Ang mga Filisteo ay mga di-mananampalataya ngunit nang disiplinahin sila ng Dios ay nagpakumbaba sila at nagpasyang ibalik ang kaban sa mga Israelita na may dalang handog para sa pagkakasala o pagkakasala. Ngayon maraming mga Cristiano ang lumalabag sa Dios ngunit patuloy silang magyayabang sa dugo ni Jesus at wala silang malalim na kahulugan sa kanilang kamalayan kung ano ang kapahamakan na dulot ng kanilang mga kasalanan.**

Oo at totoo, tayo ay naligtas sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at hindi sa pamamagitan ng anumang gawain o sa pamamagitan ng anumang handog, ngunit kailangan ang pagsisisi, at kapag ang ating mga kasalanan ay nagdulot ng kaguluhan, kung gayon bahagi ng ating pagsisisi ay upang ibalik ang mga pagkawala na dulot ng ating mga kasalanan.

Ang mga Filisteo na mga hindi mananampalatay, pagkatapos na disiplinahin sila ng Dios, ay nagpasya na ibalik ang kaban ng Dios kasama ang mga handog upang magbigay ng kaluwalhatian at karangalan sa Dios ng Israel. **“5 Kaya't kayo'y gagawa ng mga larawan ng inyong mga bukol, at mga larawan ng inyong mga daga na sumira ng lupain, at inyong bibigyan ng kaluwalhatian ang Dios ng Israel: baka sakaling kaniyang gaanang ang kaniyang kamay sa inyo, at sa inyong mga dios, at sa inyong lupain. 6 Bakit nga ninyo pinapagmamatigas ang inyong puso, na gaya ng mga taga Egipto at ni Faraon na pinapagmamatigas ang kanilang puso? Nang siya'y makagawa ng kahangahanga sa kanila, di ba nila pinayaon ang bayan, at sila'y yumaon?”** (1 Samuel 6:5-6 KJV) **“5 ng mga bukol at dagang ginto ay gawin nga ninyong kamukha ng mga bukol at dagang nagpahirap sa inyo. Parangalan ninyo ang Diyos ng Israel at baka sakaling tigilan na niya ang pagpaparusa sa inyo, sa inyong mga dios at sa buong bayan. 6 Huwag na ninyong gayahin ang pagmamatigas ng Faraon at ng mga Egipcio. Hindi ba't pinayagan na rin nilang umalis ang mga Israelita nang sila'y pahirapan ng Diyos ng Israel?”** (1 Samuel 6:5-6 NIV) **Kami na tumatawag sa pangalan ng Panginoon, mga Cristiano, kapag nagkakasala kami, dapat naming malaman kung paano magbigay ng luwalhati sa Dios. Luwalhatiin natin ang Dios habang tayo ay nagsisisi at bumabalik sa Kanya, ginagawa ang Kanyang hinihiling sa atin, at naglalakad sa Kanyang mga paraan.**

Ang mga pari ng mga Filisteo at ang mga manghuhula ay nagmungkahi na isauli ang kaban ng Dios sa mga Israelita sa sumusunod na paraan: **“7 Ngayon nga'y kumuha kayo at maghanda kayo ng isang bagong karo, at dalawang bagong bakang gatasan, na hindi napatungan ng pamatok; at ikabit ninyo ang mga baka sa karo, at iuwi ninyo ang kanilang mga guya. 8 At kunin ninyo ang kaban ng PANGINOON, at isilid ninyo sa karo; at isilid ninyo sa isang kahang nasa tabi niyaon ang mga hiyas na ginto na inyong ibabalik sa kaniya na pinakahandog dahil sa pagkakasala; at inyong ipadala upang yumaon. 9 At tingnan ninyo; kung umahon sa daan ng kaniyang sariling hangganan sa Beth-semes, ginawa nga niya sa atin ang malaking kasamaang ito: nguni't kung hindi, malalaman nga natin na hindi kaniyang kamay ang nanakit sa atin; isang pagkakataong nangyari sa atin.”** (1 Samuel 6:7-9 KJV) Iminungkahi nila ang ganitong paraan para malaman at matiyak kung kamay ba ng Dios ang tumama sa kanila ng kamatayan at salot. Kaya, at para sa layuning ito, iminungkahi at ginawa nila ang mga sumusunod, **“7 Ngayon nga'y kumuha kayo at maghanda kayo ng isang bagong karo, at dalawang bagong bakang gatasan, na hindi napatungan ng pamatok; at ikabit ninyo ang mga baka sa karo, at iuwi ninyo ang kanilang mga guya.”** (1 Samuel 6:7 KJV)

A. Gumagamit sila ng mga baka na hindi pa nakapamatok: Dahil ang mga baka na namatok ay maaring alam na nila kung anong gagawin kahit walang gabay, dahil sanay na sila sa trabaho.

B. Gumagamit sila ng mga baka na may mga guya na naibalik na sa bahay: Ang mga baka na may guya ay hindi kikilos hangga't kasama nila ang kanilang mga guya. Kung kumikilos sila nang kusa kahit wala ang kanilang mga guya, ibig sabihin nasa kamay nila ang Dios at ginagabayan sila sa direksyon na gusto ng Dios na puntahan nila. Isinusuko ng mga baka ang kanilang sarili sa Dios at gumagalaw laban sa batas ng kalikasan, iniwan ang kanilang maliliit na guya, at paliwanag ito sa atin kung bakit sila umiiyak sa daan, humihingi sa kanilang maliliit na guya, habang isinusuko nila ang kanilang sarili sa kamay ng Dios, at sa kalooban ng Dios at kumikilos patungo sa direksyon na gusto ng Dios na pupuntaan nila, tulad ng mababasa natin. **“12 At tinuwid ng mga baka ang daan sa Beth-semes; sila'y nagpatuloy sa lansangan, na umuungal habang yumayaon, at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa; at ang mga pangulo ng mga Filisteo ay sumunod sa kanila hanggang sa hangganan ng Beth-semes.”** (1 Samuel 6:12 KJV)

Ang pangyayari ay kamangha-mangha, at pinapanood ng mga pinuno ng mga Filisteo kung paano ginagabayan ng Dios ang kariton sa kanyang patutunguhan patungo sa bayan ng Beth-semes. At kung paano sumusunod ang mga baka sa kagustuhan ng Dios, kahit na nilalampasan ang kanilang sariling damdamin, iniinwan ang kanilang mga batang guya. Walang tao ang gumagabay sa kanila, kundi ang kamay ng Buhay na Dios ang nagdadala sa kanila patungo sa kanilang destinasyon. Natututo tayo mula sa mga hayop na ito kung paano sumunod sa kalooban ng Dios at gawin ang Kanya ikalulugod, kahit na hindi tayo masaya sa Kanyang hinihiling sa atin.

Kaya naman, sigurado ang mga Filisteo na ang kamay ng Dios ang sumira sa kanila, at sigurado silang nakuha nila ang tipan ng Dios, hindi dahil sa kanilang husay sa militar, kundi dahil dinidisciplina ng Dios ang Kanyang tiwaling bayan, ang mga Israelita, para sa kanilang mga kasalanan. **“16 At nang makita ng limang pangulo ng mga Filisteo, ay bumalik sa Ecron nang araw ding yaon.”** (1 Samuel 6:16 KJV)

Natutunan natin mula sa mga Filisteo na kailangan nating tuklasin kung ano ang pangunahing sanhi ng mga problema na kinahaharap natin sa pamamagitan ng pagsisimulang hanapin ang Dios at alamin kung ano ang ikinatutuwag Niya. **“Na inyong pinatutunayan ang kinalulugdan ng Panginoon;”** (Epeso 5:10 KJV)

Habang wala ang kaban ng tipan sa kanila, ang mga Israelita ay hindi iniisip o pinag-aalala kung paano maibabalik ang kaban ng Dios mula sa kamay ng mga Filisteo. Ngunit ang Dios mismo ang nagbalik ng kaban sa Kanyang bayan, ang mga Israelita. Bilang mga Cristiano, hindi natin dapat pabayaang o maging walang pakialam sa mga bagay ng Dios kapag may nangyayaring mali. Kapag dumating ang mga problema sa ating paligid, kailangan nating hanapin ang Dios at gawin ang lahat ng makakaya natin upang maipakita ang presensya ng Dios sa ating paligid. Kailangan nating hayaan ang Banal na Espiritu na suriin ang ating mga kaluluwa at maging sensitibo tayo sa mga bagay na Kanyang sinasabi sa atin, at sa mga bagay na kailangan nating gawin upang makipagkasundo sa Kanya at gawin ang mga bagay na makalulugod sa Kanya.

Ang umupo nang pabaya at walang pakialam, at maging kampante na hindi gumawa ng anumang hakbang upang itama ang ating mga pagkakamali, ay hindi ikalulugod ng Dios.

Tingnan natin kung ano ang ginawa ng mga tao sa Beth-semes at kung paano sila tumugon sa partikular na pangyayaring iyon at sa tawag ng Dios sa kanila, at tingnan natin kung natupad nila ang mga hinihingi ng tawag ng Dios:

1. Sila’y nagalak: **“13 At silang mga Beth-semita ay umaani ng kanilang trigo sa libis: at kanilang itiningin ang kanilang mga mata, at nakita ang kaban, at nangalak sa pagkakita niyaon.”** (1 Samuel 6:13 KJV) Sa halip, dapat silang magluksa at magsisi. Kinuha ang kaban dahil sa kasalanan sa tungkulin ng mga saserdote. Ngayon na ibinalik ito ng Dios, mas mabuting maging mapagpakumbaba sila sa harap ng Dios at ilaan ang kanilang sarili na maging matatag at linisin ang tungkulin ng mga saserdote. Ngayon, maraming Cristiano ang kumikilos sa parehong paraan; naghihintay sila ng mga himala at mga pangyayari para ipagdiwang at tamasahin ang buhay ngunit hindi handang makita kung paano magsisi at bumalik sa Dios. Ayaw nilang harapin ang kasalanan at ang pinagmulan ng kaguluhang dumating sa kanila. Kaya, ang kailangan nating gawin ngayon ay tukuyin ang kasalanan at makipagtulungan sa Dios upang tulungan ang mga tao na bumalik sa Kanya sa pamamagitan ng pagsisisi.

2. Inalay nila ang mga baka bilang handog na susunugin sa PANGINOON: **“14 At ang karo ay pumasok sa bukid ni Josue na Beth-semita, at tumayo roon, sa kinaroroonan ng isang malaking bato: at kanilang biniyak ang kahoy ng karo, at inihandog sa PANGINOON ang mga baka na pinakahandog na susunugin.”** (1 Samuel 6:14 KJV) Bilang handog na susunugin, hindi dapat gamitin ang mga baka kundi isang lalaking walang depekto, tulad ng mababasa natin dito **“Kung ang kaniyang alay ay handog na susunugin na kinuha sa bakahan, ang ihahandog niya’y isang lalake na walang kapintasan: sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan ihahandog niya, upang tanggapin sa harap ng PANGINOON.”** (Levitico 1:3 KJV) Hindi ipinag-utos sa kanila na patayin ang dalawang baka, kundi dapat nilang pabayaang itong makabalik sa kanilang mga guya na naghihintay sa kanila. Maraming Cristiano ang karaniwang nag-aalok ng mga bagay na hindi ipinag-utos ng Dios para takpan ang kanilang kakulangan sa pagpapakita ng pangako. Sa halip na dalhin sa Dios ang kanilang unang bunga, ang kanilang ikapulo at handog, nagdadala sila ng pagkain, mga bagay na hindi nila kailangan, mga regalo mula sa mga hindi mananampalataya, atbp. At ang bunga nito ay isang masamang kaisipan na nakatuon lamang sa pagkain, kasiyahan at mga aktibidad sa simbahan na hindi kayang pasiyahin ang Dios o maisakatuparan ang Kanyang kalooban.

3. “15 At ibinaba ng mga Levita ang kaban ng PANGINOON, at ang kaha na kasama niyaon, na may silid na mga hiyas na ginto, at mga ipinatong sa malaking bato at ang mga lalake sa Beth-semes ay naghandog ng mga handog na susunugin at naghain ng mga hain ng araw ding yaon sa PANGINOON.” (1 Samuel 6:15 KJV) Ang kailangang gawin ng mga Levita ay buhatin ang Kaban ng Dios sa kanilang mga balikat at dalhin ito sa Shiloh mula sa kung saan ito dinala, at doon sila magbabalik-loob at itataga ng kanilang sarili sa Dios.

Kailangan nilang linisin ang pagkasaserdote mula sa katiwalian at imoralidad, at higit pa, ialay ang kanilang buhay bilang mga handog susunugin, buhay na sakripisyo, at muling maglingkod sa Dios ng buong puso. Ang lungsod ng Beth-semes ay isang lungsod na itinalaga para sa mga Levita na may sapat na kaalaman sa Salita ng Dios at TUNTUNIN ng Dios. Ngunit naging kampante at tamad sila at hindi handang maglingkod sa Dios sa paraang itinakda Niya sa Kanyang Salita. Ang nangyayari mula sa kasalanan at katiwalian sa tanggapan ng saserdote ang naging dahilan kung bakit sila naging hindi madaling nakaramdam sa Salita ng Dios. Maraming ministro, pastor, at manggagawa ang nakakaalam ng Salita ng Dios ngunit ayaw nilang magtiis, tumindig nang matatag kasama ang Dios, harapin ang mga tao at itama sila. *Kailangan nating maging alerto at maqising, huwag hayaang magpatuloy ang katiwalian at imoralidad nang hindi kikilos.*

4. Tiningnan nila ang kaban ng PANGINOON: “19 At sumakit ang Dios sa mga tao sa Beth-semes, sapagka't kanilang tiningnan ang loob ng kaban ng PANGINOON, sa makatuwid baga'y pumatay siya sa bayan ng pitong pung lalake at limang pung libong tao. At ang bayan ay nanaghoy, sapagka't sinaktan ng PANGINOON ang bayan ng di kawasang pagpatay.” (1 Samuel 6:19 KJV) Pinuksa sila ng Dios dahil hindi nila dapat tiningnan ang loob ng Kaban ng Tipan. Bawal sa mga Levita na tumingin sa kaban ng Dios. “*Ngunit't sila'y huwag magsisipasok upang tingnan ang santuario kahit sandali man, baka sila'y mamatay.*” (Bilang 4:20 KJV) Ang Dios mismo ang nagdala ng kaban; baka gusto lang nila itong tingnan at suriin kung dinala nga ba ng Dios ang Kanyang kaban at kung may kulang ba dito. Maraming Cristiano, ayaw gawin ang dapat nilang gawin ngunit nakikialam at nambu-bulabog sa ginagawa ng Dios. Hindi sila natakot sa Dios o nasindak sa Kanyang harapan, sinamantala nila ang Dios at kaya tiningnan nila ang kaban. Nakialam sila sa mga bagay na hindi sinabi ng Dios na huwag nilang gawin. *Kaya, ituon mo sa paggawa ng iyong ministeryo at ng iyong parte nang maayos at huwag makialam sa mga bagay na sinabi ng Dios na huwag mong gawin.*

5. Hindi sila nagsisi kundi nagluksa at nagreklamo laban sa Dios: “20 At ang mga lalake sa Beth-semes ay nagsabi, Sino ang makatatayo sa harap ng PANGINOON, dito sa banal na Dios? at sino ang kaniyang sasampahin mula sa atin?” (1 Samuel 6:20 KJV) “At nagtanong ang bayan ng Beth-semes, Ang kanilang mga pagrereklamo ay nahati sa dalawang punto.

A. Sino ang makatatayo sa harap ng Panginoon, dito sa banal na Dios? Ang sinasabi nila, napakastrikto ng Dios at sino ang makakagawa na sumunod sa Kanyang tuntunin. Maraming Cristiano ngayon kapag pinag-uusapan mo ang disiplina ng Salita ng Dios, agad nilang sasabihin, sino bang makakagawa at makakasunod sa lahat ng ito? Ang ganitong klase ng pananalita ay pagrereklamo at pag-aalsa laban sa Dios.

B. Sino ang kaniyang sasampahin mula sa atin? Nais nilang ilipat ang responsibilidad ng Sining ng Dios sa ibang tao. Maraming Cristiano gusto lang tamasahin ang mga pagpapala ng Dios pero ayaw nilang magtiis para kay Cristo, manatili sa Kanyang Salita, at tapat na gawin ang ministeryo.

6. Nagpadala sila ng tao para gawin ang kanilang ministeryo: “21 At sila'y nagsugo ng mga sugo sa mga tumatahan sa Chiriath-jearim, na nagsasabi, Ibinalik ng mga Filisteo ang kaban ng PANGINOON; kayo'y magsilusong at iahon ninyo sa inyo.” (1 Samuel 6:21 KJV) “21 Nagpadala sila ng mga sugo sa Lunsod ng Jearim. Ipinasabi nilang kunin doon ang Kaban ng Tipan ni Yahweh sapagkat ibinalik na ito ng mga Filisteo.” (1 Samuel 6:21 NIV) Masaya sila sa pagkain ng karne ng baka, kinuha nila ang gintong bukol at ang mga gintong daga; kinuha nila ang mga materyal na bagay, ngunit ayaw nilang tiisin ang Salita ng Dios at ang Kanyang disiplina. Itinapon nila ang ministeryo at paglilingkod sa Dios at umalis nang sila ay disiplinahin Niya.

7. Mas mabuti ang mga tao sa Chiriath-jearim kaysa sa mga tao sa Beth-semes: “1 At ang mga lalake sa Chiriath-jearim ay nagsiparoon, at iniahon ang kaban ng PANGINOON, at dinala sa bahay ni Abinadab sa burol, at pinapagbanal si Eleazar na kaniyang anak, upang ingatan ang kaban ng PANGINOON. 2 At nangyari, mula nang araw na itahan ang kaban sa Chiriath-jearim, na ang panahon ay nagtatagal; sapagka't naging dalawang pung taon; at ang buong sangbahayan ng Israel ay tumaghoy sa PANGINOON.” (1 Samuel 7:1-2 KJV) Ang mga tao ng Chiriath-jearim ay mas mabubuting Levita, sila ay takot sa Dios at may paggalang sa Kanya. Inihandog nila ang isang bahay at isang tao para bantayan at alagaan ang kaban. Ang bunga ng kanilang dedikasyon ay mabunga na paglilingkod; “*at ang buong sangbahayan ng Israel ay tumaghoy sa PANGINOON.*” Habang tapat nating inaalay ang ating buhay sa paglilingkod sa Dios, magsisimula ang iba na matakot sa Panginoon at babalik sa Kanya.

Sa aking Mahal at Minamahal: Tinatawag ka ng Dios ngayon na manindigan sa pagkatakot sa Dios at maglingkod sa Kanya nang buong puso. Ang kabiguan sa pagkasaserdote ng mga Levi, katiwalian sa mga ministro, hindi responsableng mga manggagawa, mga magulang at pastor bilang mga bayan ng Beth-semes, lahat ng ito ay magagandang dahilan ngayon upang tumugon ka sa tawag ng Dios at ialay ang iyong sarili nang buo sa Kanyang paglilingkod gaya ng bayan ng Chiriath-jearim, upang ang lahat ng tao ay bumalik sa PANGINOON, at patuloy na dumaloy ang pagpapala ng Dios sa iyong buhay.

Bilang mga manggagawa sa ubasan ng Dios, matutunan natin ang mga aral mula sa tunay na salaysay na ating pinaglinilayan. Tanggapin natin ang mga pagsaway na natanggap natin mula sa Salita ng Dios. Tayo'y magsisi, itama ang ating mga gawi, upang mapaglingkuran natin ang Dios sa tamang paraan at maging kalugod-lugod sa Kanya.

Bilang isang simbahan, matutunan natin ang ating mga aral upang maging ayon sa pamantayan at inaasahan ng Dios. Igalang natin Siya at gawin ang tama at makatarungan sa Kanyang paningin.

Aking Panalangin: Ama Dios, Ako'y lumalapi sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus at muling nabuhay mula sa mga patay upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan.

Salamat sa iyong Salita na nagpapaalala sa akin ng iyong Salita at sa iyong paanyaya sa akin muling maglingkod sa iyo ng buong puso.

Magsisi tayo sa ating mga kasalanan. _____.

Panginoon, nagsisisi ako sa mga sumusunod na mga kasalanan: katamaran, kakulangan sa dedikasyon, ang aking hindi pagnanais na magtiis, at hindi pagnanais na harapin at asikasuhin ang mga kasalanan at katiwalian sa katawan ni Cristo.

Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili sa paglilingkod sa iyo ayon sa iyong Salita at tuntunin. Panginoon, palakasin mo ang aking loob, alisin ang aking panghihina ng loob, at suportahan mo ako sa iyong biyaya upang magpatuloy sa paggawa ng iyong gawa at buong kalooban.

Panginoon, dalangin ko sa aking mga Kapatid na nagsisi at handang maglingkod sa yo ng buong puso, Panginoon, puspusin mo silang muli ng Banal na Espiritu, patatagin mo sila, at bigyan ng espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay upang mas epektibong maglingkod sa iyo. Panginoon, gamitin mo ang kanilang buhay at gawing mabuting patotoo sa iba upang makilala at sundan ka nila.

Panginoon, dalangin ko para sa amin bilang Simbahan ng Dios, ipagpatuloy mong linisin kami mula sa mga karumihan at kapintasan at pasakdalín mo kami, at dalhin kami sa yugto ng paglago at kaganapang nais mong marating namin. Panginoon, dagdagan mo ang aming pananampalataya at pagitiwala sa iyo. Panginoon, ipaglaban mo ang aming pakikibaka. Panginoon, patnubayan mo kaming mangaral at maabot ang mga bagong tao at maturuan silang maging disipulo. Panginoon, tulungan mo kami na magsimula ng bagong pag-aaral ng Bibliya at magtayo ng bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, protektahan mo kami at pangalagaan. Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupin, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com